
# Pagmamaneho ng sasakyan sa Japan



Dito sa Japan ay maraming patakaran pangtrapiko at traffic sign na may pagkakaiba sa mga patakaran sa inyong bansa. Laging dalhin ang valid International Driver's License at sundin ang mga patakaran sa trapiko para makapag-safety driving.




Hindi puwedeng dumeretso, kumanan o kumaliwa kapag kulay pula ang traffic right.



Gamitin nang maayos ang seatbelt o child sheet.




Magpatakbo sa bandang kaliwa ng daan.

Pag-aralan natin ang traffic light at mga patakaran pangtrapiko sa Japan.



Hindi pinapayagang magpatakbo sa daan ang sasakyang walang rehistro (Shaken) na itinakda ng goeberno.



Kapag may arrow ang pulang ilaw, puwedeng magpatakbo sa directiong nakaturo ng arrow.



Hindi dapat lumampas sa yellow line.

Anumang magiging pinsala dulot ng aksidente ay maaaring hindi lahat masasaklaw ng compulsory insurance, kaya magkaroon ng car insurance (Nini Hoken) na naghahanda para sa mga panganib ng mataas na bayarin sa danyos, kabilang na ang kompesasyon para sa mga pinsalang matamo ng mga pasahero.

IBARAKI POLICE 茨城県警察

## Kung ikaw ay nakasangkot sa akisidente...

**STEP.1**

Iligtas ang nasaktan at tawagan 119 para sa ambulansya.



**STEP.2**

Tawagan 110 kahit walang masaktan.





Paparusahan nang mabigat kapag umalis sa lugar ng pinangyarihan ng akisidente.






Huminto tayo nang pansamantala at siguraduhin ang kaligtasan sa kanan at kaliwa sa bawat lugar na may traffic sign na ito.



Kung tumatakbo sa tabi ng pedestrian, magbigay ng tamang space o magmemenor.



Humito muna tayo sa zebra line kung may pedestriang gustong dumaan.



Hindi dapat hadlangan ang pedestrian sa intersection.



Kapag kakanan ka, mas may prayoridad ang kasalubong na sasakyan at sasakyang kakaliwa.



Masama at delikadong krimen ang pagmamaneho nang nakainom.



Pag-provide ng sasakyan sa taong nakainom.



Pag- provide ng alak sa taong magmamaneho.




Pakikisakay sa sasakyang minamaneho ng taong nakainom.



Agahan natin ang pagsindi ng ilaw ng sasakyan.



Mag-highbeam tayo kapag walang kasalubong na sasakyan o walang sasakyan sa harapan ng kotse natin.



Ang pagmamaneho ng sasakyan nang walang lisensya ay isang krimen. Paparusahan din kayo kapag nag-provide ng sasakyan sa taong walang lisensiya o nakisakay sa sasakyang minamaneho ng taong walang lisensya.



Hinid dapat mag-cellphone habang nagmamaneho ng sasakyan.